



FACT (MGA DATOS KAALAMAN): Mga Highways

Programa ng Bawas-Ingay Noise Reduction sa State Route 85 (Bahagi 2)

Malawakang Pananaw

Para matugunan ang mga umiiral na usapin sa ingay sa State Route (SR) 85, nakikipagtulungan ang VTA sa mga lungsod na nasa SR 85 at Caltrans para sa pag-aaral, pagsubok at pagpapatupad ng mga hakbang sa pagbabawas ng ingay.

Mga Layunin

Ang layunin ng Proyekto ng Noise Reduction sa SR 85 Bahagi 2 ay subukan ang bisa ng mga hakbang sa pagbabawas ng ingay sa limang lugar na natukoy sa Noise Reduction Study sa SR 85 na natapos noong Setyembre 2016. Gagamitin ang mga resulta para suriin ang halaga at benepisyo para sa maaaring ipatupad sa buong corridor ang mga hakbang sa mga darating na panahon. Ang Proyekto ay magsasagawa ng mga hakbang para mabawasan ang ingay kabilang ang paglalagay ng latag sa daan o iba pang pamamaraan (treatment) sa ibabaw ng daan sa ilang piling lugar sa kahabaan ng SR 85.

Project Features

Ang partikular na mga mungkahing pamamaraan ng pagbabawas ng ingay sa bawat lugar ay maaaring magbago depende sa karagdagang ambag mula sa Caltrans at iba pang kalahok sa proyekto. Muling susuriin din ng Proyekto ang feasibility ng magdagdag ng attenuating cap sa itaas ng umiiral ng mga sound wall. Nakalista sa ibaba ang limang nakaplanong lugar sa kahabaan ng SR 85:

- **Lugar A:** SR 85 kanluran ng Callahan Avenue Undercrossing sa San Jose. Mga 1,200 feet na latag sa kalsada para sa pagbabawas ng paglikha ng ingay para sa tire/pavement interface ng mga sasakyan.
- **Lugar B:** SR 85 malapit sa Cox Avenue Overcrossing sa Saratoga. Mga 3,500 feet na latag sa kalsada para sa pagbabawas ng paglikha ng ingay para sa tire/pavement interface ng mga sasakyan.
- **Lugar C:** SR 85 pagitan ng McClellan Road Overcrossing at Stelling Road Overcrossing sa Cupertino. Mga 2,600 feet na latag sa kalsada para sa pagbabawas ng paglikha ng ingay para sa tire/pavement interface ng mga sasakyan.
- **Lugar D:** SR 85 malapit sa interseksyon ng S. Bernardo Avenue/The Dalles sa Sunnyvale. Mga 2,800 feet na latag sa kalsada para sa pagbabawas ng ingay para sa tire/pavement interface ng mga sasakyan.
- **Lugar E:** Lubich Drive sa Mountain View. Mga 1,600 feet na latag sa kalsada (sa papunta ng hilaga at timog) para sa pagbabawas ng ingay para sa tire/pavement interface ng mga sasakyan.

Halaga ng Batayang Gastusin/ Pagpopondo sa Proyekto

Tinatayang nasa \$10 million ang gastusin ng proyekto.

Iskedyul ng Projektoe

Panimulang Inhinyeriya	Tagsibol 2021 - Taglagas 2021
Pahintulot na Pangkapaligiran	Taglagas 2021 - Spring 2023
Disenyo at Inhinyeriya	Tagsibol 2022 - Taglagas 2023
Konstruksyon*	Taglagas 2023 - Tag-araw 2024

*Hindi pa natutukoy ang ganap na pagpopondo sa bahaging ito ng proyekto.

Mga Kapartner sa Proyekto




Paano Makipag-Ugnayan sa Amin

Para sa karagdagang impormasyon sa proyektong ito, mangyari lang tumawag sa Community Outreach ng VTA sa (408) 321-7575, (TTY) para sa may kahinaan sa pandinig sa (408) 321-2330. Puwede rin ninyo kaming bisitahin sa web sa www.vta.org/sr85noisereduction o mag-e-mail sa amin sa community.outreach@vta.org.



FACT (MGA DATOS KAALAMAN): Mga Highways

Programa ng Bawas-Ingay Noise Reduction sa State Route 85 (Bahagi 2)



VTA's Community Outreach
 (408) 321-7575
 (408) 321-2330 TTY
www.vta.org/sr85noisereduction
community.outreach@vta.org